

Field Trip

Joselito D. Delos Reyes

Ngayon ang ikalawang araw ng paghahanap ni Jordan sa gintong bracelet. Um-absent siya sa klase kahapon, Biyernes, para simulang hanapin ang nawawalang alahas ni Boss Billy sa palaisdaang binubuwisan nito sa Sapang Tukul sa Salambao, Obando. Ang paalam niya kay Aling Mely, ang nanay niya, mangangapa lang ng singaw na liwalo at tilapya—at matsatsambahang hipon—na pang-ulam. Ito rin ang paalam niya kay Mang Sandro na umalis kahapon para bumili ng lambat sa Binondo at ngayon, para ipahayuma ang nabiling lambat sa Paliwas.

Kailangan niya ang kadenang bracelet ni Boss Billy para maibenta. Kailangan niya ng pera para sa paglipat nilang mag-iina mula Obando pabalik ng Cardona matapos na matapos lang siya sa elementarya. Para na rin—at ito talaga ang mas mabigat na dahilan ni Jordan!—sa kaniyang field trip sa isang linggo. Dahil ang sabi ni Boss Billy noong gabing natuklasan niyang nawawala ang gintong bracelet at ang matagal, mga dalawang oras na bigong paghahanap at pangangapa sa pilapil ng palaisdaan: “Hayaan na, kung sino makakita e di kan’ya na.”

Hindi man kay Jordan direktang sinabi iyon, pero alam niyang para iyon sa lahat ng nakaririnig, na noong gabing iyon, bandang alas-one na, ay sina Jomar, ang mayabang na bodyguard at drayber ni Boss Billy; si Ma’am Beverly, ang class na class at Ingles nang Ingles na bagong syota ni Boss Billy; si Mang Juaning na bangkerong laging natotokahang pilotohan ang ipinagawang bangka ni Boss Billy kapag dadalaw sa palaisdaan; ang maselang

si Clifford na kaibigan ni Boss Billy mula pa daw noong high school sila sa Pasig; si Mang Sandro na pumalit sa tatay ni Jordan bilang engkargado at katiwala ng palaisdaan ni Boss Billy; si Derik na taga-ihaw ng porkchop at isda, tagatipak ng yelo, at tagabili ng beer at alak noong gabing nag-inuman sila at nawala nga ang gintong bracelet; at siyang naroon, kasa-kasama ng kaniyang ina sa kubo, nakatanaw siya mula sa bintana habang nagkakagulo silang lahat sa labas, malapit sa prinsang ng palaisdaan, lango sa beer at alak. Nagtatawanan, naghaharutan, nagtutulakan sila kahit pa nawalan na nga ng bracelet si Boss Billy. Sa isip ni Jordan, mayaman talaga si Boss Billy, parang hindi ininda ang siguradong napatid na alahas. Parang balewala lang. Kunsabagay, kapapanalo lang ni Boss Billy sa sabong noong araw na iyon. Tatlong manok na inalagaan ni Derik at Mang Sandro kasama ang mahigit bente pang panabong na nakasuga sa pilapil ng palaisdaan. Singkuwenta mil daw ang napanalunan kaya nagpainom sa kubo.

Kasama ni Jordan sa kubo ng gabing iyon na nawalan ng makapal na bracelet si Boss Billy ang kaniyang ina at kapatid na bata, si Millet. Sa kubong gawa sa sapi-saping plywood, yero, pawid, talaksan ng kahoy at tulos na kawayan, rolyo-rolyong lambat, patong-patong na cooler na istayropor at banyera, makina ng bangka, lona. Apat dapat silang nakatira sa kubong iyon: ang nanay niyang si Aling Mely, si Millet na grade three na kapatid ni Jordan sa kaniyang ina, at si Mang Miyas na tatay-tatayan ni Jordan na dating katiwala at engkargado ng palaisdaan ni Boss Billy. Apat sila dapat. Kung hindi lang nawala si Mang Miyas.

Dalawang buwan nang hindi umuuwi o natatagpuan ang kaniyang ama-amahan buhat nang umekstra sa bangkang sudsod. Panahon ng alim-asag at patay noon ang buwan kaya sumama si Mang Miyas sa kumpare nitong si Mang Alonso na taga-Binuangan. Isang gabing sudsod lang sa Manila Bay malapit sa Corregidor, tatal ay wala namang hahanguing laman noon ang palaisdaan maliban sa bagong kalalagay na ganggadaling semi-lyang ng bangus at lapu-lapu. Isang gabi lang daw pero hindi na nakabalik si Mang Miyas. Sabi ni Mang Alonso, nakakita daw ng kakilala sa laot, mga taga-Bataan daw. Pabalik na sila noon at maraming huling alim-asag, matatabang alim-asag, patungo sa pondohan ng Obando. Nakisakay si Mang Miyas sa trol na papuntang Bataan, may pupuntahan daw sa Orani, paalam niya kay Mang Alonso. Uuwi din daw kinagabihan ng madaling araw na iyon. Nagpumilit. Dala daw ang gulanit na backpack nang lumipat ng bang-

ka. Pinayagan ni Mang Alonso. Wala daw siyang nagawa dahil nagpumilit si Mang Miyas. Ibigay na lang daw sa asawa niya ang kinita sa pagsudsod, kasama ang pang-ulam, na iniabot naman ni Mang Alonso kinagabihan kay Aling Mely, pitong daang piso at mga limang kilong malalaking babaeng alimasag.

Dalawang buwan na ang nakararaan mula noon. Hindi na umuwi sa Sapang Tukol ni ang anino at amoy ni Mang Miyas. Nagpa-blotter na sina Aling Mely sa paligid ng Bulacan hanggang Cavite, Pampanga, Bataan, at Zambales. Pumunta na rin sila sa Mauban at Atimonan kung saan lumaki si Mang Miyas. Nagpa-blotter din doon. Pinagtanong sa mga kamag-anak kung napapasyal doon si Mang Miyas. Wala raw. Dalawampung taon na raw hindi nagagawi sa Mauban. Hindi na nga raw nila alam ang hitsura ng butuhan, maitim, at hukot na ama-amahan ni Jordan na noong kabataan daw ay matikas, matipuno, laging nakaparagan, at laging nakapomada ang buhok kahit papalaot.

Pati mga punerarya, pinuntahan ni Aling Mely. Ilang libong piso na ang inuubos ng pamilya ni Jordan at ni Boss Billy kapapamasahe, katutulong sa mumurahing hotel, kapapakain, katatawag kung kani-kanino, kapapaseroks sa malabong larawan ni Mang Miyas na lasing, nakapikit, at bumibirit at may hawak na mikropono ng videoke, na idinidikit ni Aling Mely sa mga poste sa kung saang palengke, presinto, at terminal ng kung anong bayan magagawi ang paghahanap ng asawa. Nakasulat sa ilalim ng idinidikit na papel ang numero ng cellphone ni Aling Mely at Boss Billy. Wala silang tawag o text na natanggap.

Kapag nakabalita sa radyo o telebisyon na may lumulutang daw na bangkay sa Manila Bay, sa Ilog Pasig, sa baybayin ng Navotas, Bulacan, Cavite, sasadyain ni Aling Mely ang lugar na iyon, ang funeraria na pinaglagakan ng bangkay na karaniwa'y biktima ng salvage o nalunod dahil natambog nang lasing.

Apat na beses pumalaot sina Aling Mely at Jordan kasama si Mang Alonso sakay ng bangka ni Boss Billy. Nagpunta sila sa mismong lugar na pinaglipatan ni Mang Miyas ng bangka. Gustong balik-balikan ni Aling Mely ang lugar. Itinuro ni Mang Alonso ang direksyong pagawi sa Bataan na tinungo ng bangkang sinakyan ni Mang Miyas. Sa tatlong pagkakataong iyon, hindi ang asul na kabundukan ng Bataan sa kanluran, hindi ang malapad na pilak na dagat, hindi ang naglisaw na isda sa kaibabawan, hindi

ang mga tuldok ng bangka sa malayo, hindi ang nanunuot sa kalamnang lamig ng amihan sa laot, hindi ang mga tingting na barko sa gawi ng Navotas at pier, hindi ito ang nakapukaw sa atensyon ni Jordan. Hindi rin ang taimtim na paghikbi ng kaniyang ina habang muling sinasariwa ni Mang Alonso ang nangyari noong gabing sumakay ng ibang bangka si Mang Miyas. Ang nakita ni Jordan, ang laging inaabangan ni Jordan, ay ang tanawin ng mga gusali sa Kamaynilaan. Ang kahon-kahong gusali sa silangan mula sa kung saan sila naroroon, ang lugar ng mga gusaling hindi pa niya nararating kailanman, hindi pa nakikita nang malapitan. Sa ikatlong pagkakataong dinala sila sa laot ni Mang Alonso, inabot sila ng takipsilim. Nagsimulang kuminang ang Kamaynilaan. Nabighani si Jordan sa ganda ng nagsulputang kinang. Tinanong ni Jordan si Mang Alonso, pwede raw ba silang mamasyal sa Maynila sakay ng bangka ni Boss Billy, oo daw. Malapit lang naman daw. Pwede raw silang dumaong sa mismong Roxas Boulevard, sa mismong kulay at liwanag ng Maynilang hindi pa nararating ni Jordan na baka narating na ng kaniyang ama-amahan, si Mang Miyas.

Bali-balita, sumama daw sa NPA si Mang Miyas. O sa nagpapatru-lyang militar sa laot para maging ahenteng tutukoy sa mga NPA. O inabot ng unos. Pero walang balita sa Coast Guard na mayroong nadisgrasyang bangka noong araw na iyon o ng mga sumunod na araw pa sa Manila Bay. Wala ding masasabing unos noong panahong iyon bukod sa lamig ng amihan dahil Nobyembre. Baka nalunod daw. O nilunod. O, at ito ang lag-ing pinagtatawanang dahilan ng mga taga-Salambao, lumangoy daw at nakalunok ng ayungin. O, dahil sikat na sikat ang fantaserye tungkol sa mga sire-sirena, dating syokoy daw talaga kasi si Mang Miyas at bumalik na sa kaniyang tunay na kaharian sa ilalim ng dagat. Posible rin daw na sumama sa “sirenanang” kulasisi sa Bataan o sa Cavite. Baka daw naakit, naadik sa mga gamu-gamong dagat at akyat-barko sa Navotas at sa Ternate o sa Naic. Nang tanungin si Aling Mely ng mga pulis kung may pinag-awayan daw ba sila ni Mang Miyas, may samaan daw ba ng loob, may bulyawang naganap bago pumalaot. Wala naman daw. Wala rin siyang alam na dahilan kung bakit sumakay sa bangka ng isang kakilalang mamamalakaya si Mang Miyas, ang kinakasama ni Aling Mely sa loob ng sampung taon. Baka daw may babae si Mang Miyas? Wala daw. Kinulit ng imbestigador, baka daw sumama sa iba. Wala daw, paniniwala ni Aling Mely, wala daw talaga. Naungkat tuloy ang pamilya, anak-anak. Nabunyag sa pulisya na hindi anak ni Mang Miyas si Jordan. Kaninong anak daw si Jordan? Hindi na sumagot si Aling Mely sa

mga tanong ng pulis. Ayaw nang madamay pa ang buhay ng kaniyang mga anak. Hindi na siya muli pang nagpatanong.

“Tinawag pa niyang ‘Danny’ ‘yung piloto nung trol, huminto naman,” pagtatapat ni Mang Alonso. Kinuha yung gamit niya at lumipat ng bangka. Nanulay sa katig ng trol. Nagbabay pa raw sa kanila. Mukha talagang kakilalang-kakilala ni Mang Miyas. Saksi ang lima pang tripulante ng sudsod sa mga sinabi ni Mang Alonso. Hindi raw nila namumukhaan sa pondohan ang tinutukoy na Danny o kahit ang mga kasama nito na nakahilata na sa trol, pagod sa magdamag na panghuhuli. Hindi pa daw nila nakikita sa Navotas, Malabon, Obando, Malolos, Hagunoy, Orani ang tinutukoy na Danny. Kung alam lang daw nila na mawawala si Mang Miyas noong madaling araw na iyon, kinuhanan daw sana nila ng larawan si Danny gamit ang kanilang mga cellphone. O ang bangka mismo na nilipatan ni Mang Miyas. Na pangkaraniwang trol din naman. Walang masasabing katangi-tangi sa kulay, ayos, disenyo, pagkakagawa. Nang tanungin kung ano ang pinta sa tagiliran ng bangka, walang nakatanda. Para daw Danny o Manny o Hanny o Nanny o Ganny ang nakasulat. Pwede ring Manoy, Danoy, Hanoy. Pero hindi rin sigurado kung ‘Y’ nga ang dulong letra. Pwede rin daw ‘J’ o ‘G.’ o Kung ‘N’ ang gitnang letra, pwede rin daw kasing ‘R’ dahil magulo ang pagkakasulat. Parang kabit-kabit na palihis. Pero wala talagang makatiyak sa mga tripulante ni Mang Alonso noong madaling araw na iyon.

“Malay ba namin na ‘yun na ang huling makikita namin si Pareng Miyas.”

“Hindi compulsory.” Iyan ang mariing sabi ng titser ni Jordan tungkol sa pagsama ng kanilang klase sa field trip sa Laguna at Maynila. Hindi raw sapilitan kaya hindi raw dapat asahan ni Misis Magdangal na may mga magulang na magrereklamo sa principal ng Salambao Elementary School na kesyo napilitan o napuwersa silang magbayad. Lalo na ang pagsusumbong sa mga Tulfo sa telebisyon. Hindi raw sapilitan. Kung sino lang ang may gusto at may kakayahang sumama. Hindi ibig sabihin ng may “kakayahang sumama” ay iyong malakas, walang sakit. Ang ibig sabihin ng may “kakayahang sumama” ay iyong may kakayahang magbayad ng nine hundred pesos kahit nagsusuka sa bus, mahihiluhin, nagtatae, may sore eyes, may lagnat, o beke. Kasama na raw sa halagang iyon ang bayad pagpasok sa pabrika ng biskwit at instant noodles sa Canlubang, Laguna; entrance fee sa isang museo sa Maynila, at entrance fee sa Star City na pupwedeng

mag-ride-all-you-can. Ang Star City ang huling pupuntahan sa field trip. Sa parking lot kakainin ang kani-kanilang baong hapunan bandang alas-singko o alas-sais. At matapos ang tatlong oras sa loob ng karnabal, bandang alas-nuwebe ng gabi, babalik na ang mga nag-field trip sa Obando, ihahatid ng bus sa mismong daungan ng mga bangka pa-Salambao. Pagod pero siguradong masaya.

“Hindi pala sapilitan e, ibig sabihin, hindi kailangan sa aral mo,” malumanay na sabi ni Aling Mely, nang sabihin ni Jordan ang kabilin-bilinan ni Misis Magdangal. Hindi daw kailangang sumama ni Jordan dahil wala silang pambayad. Bawat piso ay kailangang tipirin para magamit sa paglilipat nila ng bahay mula Salambao patungong Cardona.

Hinihintay na lang ni Aling Mely na matapos ang school year para makalipat na sila ng bahay. Makuhang-makuha lang nito ang report card ni Jordan at Millet. Makapagsisimula na sila ng bagong buhay na hindi kasama ang hindi na mahagilap na si Mang Miyas. Ang sabi ni Aling Mely sa mga nagtatanong kung nakabalik na ang kaniyang asawa: “Wala. Kinain na ng laot.”

Grade six na si Jordan at grade three naman ang kapatid niyang si Millet. Sa Cardona na magha-high school si Jordan at bahala na kung saan tatanggaping paaralan ang kaniyang kapatid sa pasukan sa Hunyo sa lugar ding iyon. Kailangan nilang manirahan sa Cardona, naroon ang mga kapatid ni Aling Mely. Hindi kakayaning buhayin ni Aling Mely sina Jordan at Millet kung aasahan lang ang papakaunti nang papakaunting inaang gulaman sa Salambao. Hindi niya maaaring asahan ang awa ng mga nagbibigay ng ulam o bigas, o huling isda sa laot.

Kinausap ni Boss Billy si Aling Mely pagkalipas ng isang buwan ng paghahanap kay Mang Miyas. Palilipatan na raw niya ng bagong bantay ang kubo, si Mang Sandro. Napapabayaang daw kasi ang negosyong palaisdaan at ang mga manok na panabong sa gilid-gilid ng pilapil. Walang katiyakan kung babalik si Mang Miyas. Malapit nang hanguin ang bangus at lapu-lapu. Negosyo daw ang kaniya. Gusto niyang tumulong pero hindi dapat masakripisyo ang negosyo.

May pamilya ring kasama si Mang Sandro, at kailangan nilang lumipat sa kubong tinutuluyan nila Jordan para mabantayan sa maghapon at magdamag ang palaisdaan. Malapit nang anihin ang bangus at lapu-lapu na naiwan ni Mang Miyas. Kailangan nang bantayan laban sa maninima, sa

masamang tubig, sa paggataw. Pinakadelikado ang panahong aanihin na ang isda. Pinakamaselan. Hindi pwedeng iwan.

Nakiusap si Aling Mely kay Boss Billy. Patapusin lang ang aral ng kaniyang mga anak. Sa Marso, isang buwan mula ngayon, aalis sila. Makuha lang talaga ang report card. Pumayag naman si Boss Billy. Sinagot pa ang kabuhayan nila hanggang Marso. At nangakong sa pag-alis, bibigyan sila ng pamasaha hanggang Cardona. Samantala, ang bagong katiwala ay nagtirik ng isang kubakob ng lawanit at yero malapit sa prinsa, sa loob ng kubo kung saan naroon ang pambomba ng tubig. Sinabitan iyon ng duyan at doon nagpapalipas ng gabi si Mang Sandro.

Pero alam ni Aling Mely na hindi ganoong kadali ang paglipat. Oo nga't naroon ang kaniyang kapatid sa Cardona pero wala naman siyang titirhan doon. Maaaring makitulong ng ilang araw pero kailangang magkaroon ng sariling titirhan. Masyadong mahal mangupahan. Baka magtirik na lang sila ng barong-barong sa lawa. Sana nga lang ay makakuha agad siya ng trabaho, kahit mag-ipon lang ng pakain sa itik tulad ng ginagawa niya noon bago makilala si Mang Miyas, nang minsang dumayo si Mang Miyas para bumili ng kawayang tulos sa gagawing taliktik ng palaisdaan sa Obando. Matapos ang ikatlong biyahe ni Mang Miyas ng kawayan, kasama na niya si Aling Mely at ang anak-sa-unang si Jordan na noo'y dadalawang taong gulang pa lamang.

Hindi compulsory, bilin ni Misis Magdangal, pero gustong sumama ni Jordan. Sa kaniyang klase, siya lang ang hindi makakasama. Ang inaasahan niyang kaklase at kalaro at kakuwentuhang si Eunice, na nauna nang nagsabing hindi sasama, ay sumama rin bandang huli. Nakapag-ipon daw pala ang kaniyang nanay. Kaya sa munting isip ni Jordan, kailangan niyang sumama, kailangan niyang marating ang Star City, ang lugar kung saan naroon ang kinang na natanaw niya nang puntahan nila ang laot.

“Gusto ni Mama na sumama ‘ko, minsan lang naman daw mapunta sa Maynila,” nahihiyang sinabi kay Jordan ni Eunice. Nabalewala ang usapan nilang hindi sila sasama. “E mahihiluhin nga ako kaya ayoko.”

“Wag muna kayong magbayad, baka sumama rin ako. Magtratabo lang, basta,” pakiusap ng binatilyong nililitawan na ng taghiyawat ang humpak na mukha at nagkukulay kalawang na ang buhok dahil sa dampin ng maalat na hanging dagat.

Nang umuwi si Jordan noong araw na sabihin ni Misis Magdangal na

hindi obligado ang bawat isa na sumama sa field trip, nagdesisyon siyang hanapin ang bracelet, ibenta kung makikita, at gamitin ang pera bilang pambayad sa field trip at pandagdag sa perang kakailanganin nilang mag-iina sa palipat sa Cardona.

Hindi nahulog sa lugar kung saan hinanap nila Boss Billy ang bracelet. Sa isip ni Jordan, iyon lang ang sigurado, hindi sa kung saan nila hinanap noong gabing iyon. Inisa-isa ni Jordan ang maaaring kahulugan ng alahas: maaaring sa malalim na prinsa, nang itaas ni Mang Sandro ang kahoy na hola para pumasok ang tubig, para sumuba ang mga similya ng bangus at lapu-lapu; maaari ring sa malapit sa matandang puno ng bakawan na kinasabitan ng tulos na ginamit nilang panlabusaw sa ilog na sinusunungan ng palaisdaan ni Boss Billy; maaaring sa daungan ng bangka mismo dahil tanda ni Jordan, medyo umuga ang bangka at nagkatulakan sila sa pag-ahon. Tanda ni Jordan, nakakapit, nakayakap ang syota ni Boss Billy sa kaniya, pwedeng kumapit sa braso at nakapitan ang bracelet at napatid. Inalala niya ang eksaktong sandali kung kailan niya nakita itong suot-suot pa ni Boss Billy, o kung suot na nga ba nang magsimulang mag-inuman? Noong hindi pa sila lasing? Pero palakad-lakad si Boss Billy noon. Sinamahan ni Mang Sandro para ituro ang mga bangus at lapu-lapu na noon ay nagsisimula nang manginain ng feeds na masusing isinasaboy ng bagong katiwala. Sinamahan din sa mga scratch ng tandang, sinamahang humimas ng manok habang ibinibilin kung alin ang pwedeng ipanlabang tandang bago tuluyang sumapit ang tag-araw. Sinuri ni Jordan ang pinakamaliliit na detalye ng pangyayari noong araw na iyon, tinanong ni Jordan ang sarili kung suot na nga ba ni Boss Billy ang bracelet nang umahon ito sa pilapil. Parang wala. Wala siyang matandaang kumikinang na bracelet, hindi gaya ng maraming pagkakataong bumibisita si Boss Billy sa palaisdaan, noong naroon pa ang kaniyang ama-amahan, kapag magpopondo si Mang Miyas at naghihintay ng pera si Boss Billy sa lilim ng malapad na sibi ng kubo. Tangan ang botelya ng malamig na beer, dinudutdot ang tablet sa kung anong laro. Tinatawagan ang kung sino-sino sa hindi maintindihan ni Jordan na usapan tungkol sa palaisdaan, isda, at tandang. Matatanaw ni Jordan ang bracelet, dilaw na dilaw, kumikinang, malapad, maluwag na bahagyang nakalambitin sa braso ni Boss Billy.

Noong gabing nawala ang bracelet, hindi maalala ni Jordan na suot

ito ni Boss Billy habang nagkakasiyahan sa pilapil ng palaisdaan. Kaya maaaring sa mismong daungang kawayan ng bangka nawala. Maaari nang kumapit nang mahigpit ang syota ni Boss Billy sa kaniya. Kaya mali ang hinanapan nilang lugar, sa loob ng palaisdaan, dahil hindi doon nawala, hindi doon nahulog. Sa gilid ng ilog na humahangga sa palaisdaan nahulog, at maaaring nabaon sa putik ang makapal na alahas. Ang alahas na tutugon sa pangangailangan nilang mag-iina, pero higit dito, tutugon sa pagkasabik ni Jordan na makapunta sa Maynila, makasama sa kasiyahan—baka sa huling sandali—ang kaniyang mga kakkase, ang kaniyang mga titser, ang kaniyang mga kaibigan, lalo na si Eunice.

Minsan, pinagsisisihan ni Jordan na naging kaibigan si Eunice, na gaya niya ay anak din ng nagbabantay sa palaisdaan. Taga-Malabon talaga si Eunice, transferee sa kanilang paaralan noong school year na iyon. Nagkakatulad sila sa maraming pagkakataon gaya ng hindi pagsali sa mga scout-scout at pagiging anak nga ng bantay sa palaisdaan. Ilang pagkakataon ding nagkita sila ni Eunice sa pondohan ng isda para samahan ang kanilang magulang na makipag-usap sa mga konsignasyon. Kasabay niya laging kumain ang kakkaseng babae, nagkakapareho sila minsan ng baon na tanghalian sa paaralan: pritong itlog o tilapya o daing na bangus na nakapababaw sa kanin. Kung magkaiba ang kanilang ulam, nagsasalo sila. Nang magbertdey si Eunice, siya lamang ang palihim nitong inilibre ng Magnum na sorbetes at saka maliit na lata ng imported na potato chips. Hindi inubos ni Jordan ang tsitsirya dahil gusto niyang ipatikim sa kaniyang kapatid ang manipis na manipis na kutkutin. Pinag-ipunan rin ni Jordan ang pambili ng mahal na sorbetes at potato chips na iyon matapos niyang matikman nang ilibre. Mahigit isang buwan ang pagitan ng kanilang kaarawan. Mahigit isang buwan niyang pinag-ipunan, mamiso o dos kada araw, para mabuo ang mahigit sandaang pisong halaga ng tig-isa nilang sorbetes at imported na potato chips sa lata na mabibili lamang sa tindahang pag-aari ng principal na katabi halos ng paaralan. Gusto niyang bilhin ang malaking lata ng potato chips na imported pero sadyang kukulangin ang kaunting naipon niya. Gusto niyang magsawa siya kasama si Millet at Eunice sa manipis na kutkutin. Pinagsisihan niyang naging kaibigan si Eunice dahil mistulang siya ang magiging mabigat na dahilan para mabigat niyang ihakbang ang paa palayo sa Salambao. Pero si Eunice din naman kasi ang nagpapasaya sa kaniya at sa kaniyang kapatid na si Millet sa mga pagkakataong wala silang kasama sa kubo dahil nag-iikot sa palaisdaan ang kaniyang ama-amahan at

nagtatalaksan ng gulaman ang kaniyang ina. Madadaan si Eunice sa kubo at magbibigay ng ice candy o ng pinaglumaang manyika o damit kay Millet dahil dalawang nakatatandang lalaki ang kapatid ng kaklase at kaibigan ni Jordan.

Pareho silang walang balak sumama sa field trip. Katwiran ni Eunice, narating na niya ang Star City. Oo nga't hindi pa siya nakarating sa pabrika ng instant noodles o sa sinasabing museo pero sapat na raw ang nakahihilong karanasan niya sa Star City. Hindi siya sanay sa aircon na sasakyan, lalo pa ang bus na may iba't ibang amoy sa loob. Si Jordan, isa lang ang dahilan ng hindi pagsama sa field trip, wala silang pera.

Walang ibang pinagsabihan si Jordan tungkol sa nawawalang bracelet. Walang ibang nakaaalam na aalis na sila sa Salambao patungo sa malayong Cardona. Doon na raw siya magpapatuloy ng pag-aaral. Tungkol din daw sa dagat—lawa ng Laguna talaga—ang ikabubuhay nilang mag-iina, ang kumuha ng susong kakainin ng mga itikan sa Cardona. Si Eunice, baka daw sa mismong bayan ng Obando na mag-aral, sa Colegio de San Pascual Baylon, ang pinakamalapit at pinakamalaking pribadong paaralan sa lugar nila. Doon lang mag-e-entrance exam si Eunice. Doon din nag-aaral ang kaniyang kuya at diko. Isa pa, gusto daw ng kaniyang mga magulang na sa high school pinapalagak ng madre at pari mag-aral silang magkapatid. Doon na nakatali ang kaniyang iniisip na pasukan.

Katulong ni Jordan si Eunice sa pagbuo ng kung ano talaga ang totoong istorya nang mawala ang bracelet. Si Eunice ang nagtatanong, ang nag-susuri. Si Jordan ang nagbibigay ng detalye. Pakiramdam nilang dalawa, detective silang tumutugis sa isang tagong kayamanan, na totoo namang kayamanan dahil makapal ang gintong alahas ni Boss Billy. May papel pa silang ginuhitan kung nasaan ang mga landmark na maaaring kinahulugan ng bracelet. Naroon ang kubo, ang bomba ng tubig, ang daungan ng bangka, ang matandang punong bakawan kung saan sila mismong nag-inuman, kung saan nagharutan. Nakasulat kung anong oras ang high tide at low tide buhat sa malaking kalendaryong nakapako sa dingding na plywood ng kubo. Kasabay ng pagguhit-guhit at pagsulat-sulat ang interogasyon ni Eunice kay Jordan.

“Paano mo natiyak na suot?”

“Eh lagi n’yang suot ‘yun kahit na sumasamsam ng lambat o nagbubuhat ng banyera.”

“Baka hindi n’ya suot nung gabi.”

“Impossible.”

“Hindi kaya hinubad?”

“Bakit huhubarin?”

“Malay mo, nangawit. Hindi kaya ninanakaw?”

“Walang nanakaw, e di dapat sana umalis na yung nagnakaw, e sila-sila lang dun.”

“Baka tinangay na ng agos?”

“Mabigat ‘yun, makapal, babaon ‘yun pero di matatangay.”

“Sige, sana makita mo, para makasama ka rin sa field trip.”

“Sana nga, saka kelangan din namin ‘yun, paalis na kami.”

Ngayon ang ikalawang araw ng paghahanap ni Jordan sa gintong bracelet. Kahapon, sa loob mismo ng palaisdaan nangapa si Jordan. Wala. Malayo-layo ang narating niya sa pangangapa. Sinimulan niya sa lugar na hindi aakalain ng sinuman na may hinahanap siya. Dahan-dahan, habang nakahuhuli ng tilapya, palapit siya nang palapit sa lugar ng palaisdaang inakala nila Boss Billy na kinahulugan ng kaniyang alahas. Wala. Lumagpas pa siya sa pag-aakalang inanod ang alahas, wala. Kinapa niya ang mga talik-tik sa gilid ng pilapil na sakop ng palaisdaan, wala rin.

Umahon siya bandang alas-diyes ng umaga. Nilinisan ang mga nahuling tilapya, inihaw habang si Aling Mely ay nasa gitna ng barangay at nag-iipon ng gulaman na papakyawin ng isang mangangalakal na taga-Navotas. Sandaang piso ang kikitain ng kaniyang ina. Nang makaihaw, sinabayan niyang kumain si Millet. Inasikaso ang gamit ng batang kapatid. Mag-aala-una nang muling pumasok si Millet sa paaralan.

“Pag may humanap sa ‘kin, sabihin mo, nangangapa.”

“Hinanap ka ni Ate Eunice kanina, Kuya. Di ko alam na nangangapa ka.”

Kahit hindi naniniwala si Jordan na sa loob mismo ng malawak na palaisdaang binubuwisan ni Boss Billy nawala ang bracelet, tinapos ni Jordan ang gilid ng mahabang pilapil na kahangga ng ilog. Halos naikot din niya ang lawak ng palaisdaan. Wala. Maraming tilapya, may mangilan-ngilang hipong suwahe at ayungin, pero walang bracelet, walang alahas. Hindi bale, may ulam naman sila hanggang Linggo.

Kaya sa mismong ilog, sa pilapil na kahangga ng palaisdaan siya nag-simula ngayon. Tinasa ni Jordan ang nangyari. Kung saan patungo ang kati ng tubig noong dumating si Boss Billy at mga kasama nito, kung saan malakas ang agos. Kung saan lulubog ang makapal na alahas, kung may tulos bang kakapitan ang alahas, kung may bakawang may malalabay na ugat ang sasabitan.

Hindi lamang kamay ang gumagana sa pangangapa ni Jordan. Pati ang mga payat na paang halos ay nagpadupilas sa kaniya sa ginagawa niyang paghawi ng magalas na putik sa ilalim. Salat, tapak, lubog, tapak, salat. Hindi na halos pansinin ni Jordan ang nakakapang isdang naglulungga sa mga tulos at taliktik. Mahapdi na ang kaniyang palad sa tama ng palikpik ng pumupusag na tilapya, liwalo, at ayungin. May sapat na silang ulam. Hindi na halos pansinin ni Jordan ang mahapding gasgas ng mumunting tahong sa taliktik ng ilog, ng taliptip na kumapit sa tulos. Hindi na rin niya alintana ang hapdi ng sikat na araw sa kaniyang batok, ang lagkit ng tubig na sumasaboy sa naluluto niyang balat. Sinasabayan ng sisid ni Jordan ang pangangapa kung malalim para ibaon ang kamay at paa. Sa ilalim ng tubig, pabukaka siyang kumakapa sa magalas na burak. Bahagyang umuusad patungo sa kawayang daungan ng bangka.

Malapad ang tatlong pasimano ng daungang yari sa kawayan, malalaki ang posteng puno ng buli na binili pa sa Laguna. Inihanda talaga upang maging matibay na haligi, tuntungan, at talian ng bangka. Sinuri ni Jordan ang paligid ng daungan. Malalim ang putik sa ilalim. Maraming nakakapit na patay na tahong. Makapal na rin ang lumot sa ilalim ng sahig na inaabot ng high tide. Binuhay ni Jordan sa kaniyang isip kung paano dumaong ang bangka noong gabing iyon. Saan maaaring itinali ng bangkero ang daong ng bangka? Saan unang humakbang si Boss Billy sa daungan? Ano ang in-unang paa, kanan o kaliwa? Saan kumapit na barandilya? Paano itinawid si Ma'am Beverly mula sa bangka? Binuhat kaya ang syota o tumalon nang nakakapit sa braso ni Boss Billy? Ginahak ni Jordan ang putik sa ilalim at pali-paligid ng daungan. Wala. Nilaliman pa niyang lalo ang kapa, wala. Siniyasat niya ang mga taliktik na kawayan sa paligid, pawang tumigas na putik at natuyong tahong at lumot sa lambat. Wala ang kinang na hanap niya. Hinimas niya ang poste sanga ng punong buli, subyang ang napala ng kaniyang palad.

Inisa-isa ni Jordan ang mga singit-singit ng kawayan sa ilalim, pataas

hanggang sa mismong sahi ng daungan. Nabanaagan niya ang maliit na maliit na kinang. Hindi maikakailang ang bracelet. Balot ng putik bukod sa maliit, gatusok ng aspileng liit, na kinang nang tamaan ng panghapong araw. Madilaw na kinang. Nanginginig na inabot ni Jordan ang bracelet. Balot nga sa natuyo at nanigas na putik. Ibinabad niya sa tubig ng ilog, kinuskos. Bumalik ang brilyo. Mabigat sa hipo. Nangilid ang luha ni Jordan. Para siyang naghihina. Tinimbang-timbang niya sa palad ang kadenang ginto. Ganoon pala ang tunay na alahas. Umahon siyang nakakuyom sa palad ang bracelet. Hindi niya gustong ipaubaya sa kaniyang bulsa ang alahas na kaytagal niyang hinanap, kaytagal nilang pinagplanuhan ni Eunice.

Kinalunesan, ipinagtapat niya kay Eunice ang natagpuang kayamanan. Dalawa lang ang tanong ni Eunice, paano ibebenta? O kung isasauli ba niya kay Boss Billy? Nilinaw ni Jordan ang bilin ni Boss Billy sa lahat ng makaririnig nang gabing mawala ang alahas: ang makakita, kaniya na. Ang higit na pinag-isipan ni Jordan ay kung paano magiging pera ang alahas. Gusto niyang maging pera nang maibayad na kay Misis Magdangal ang para sa field trip, at ang siguradong malaking sosobra sa mapagbibilhan ay ibibigay niya sa kaniyang ina. Siguradong matutuwa ang kaniyang ina. Makabibili ng gamit nila ni Millet. Makabibili ng kaldero, kawali, sandok, mga kutsara at plato at baso. Ang gamit nila sa kusina sa kubo ay iiwan nila dahil kay Boss Billy ang lahat ng iyon. Na gagamitin na ni Mang Sandro at ng kaniyang pamilya. Makakabili na rin ng damit ang kaniyang ina, maibibili siya ng pantalon, ng bagong uniporme. Baka nga makabili pa nga ng materyales para sa ipatatayo nilang bahay sa Cardona. O baka makabili pa nga ng buong bahay dahil talagang mabigat ang alahas!

“Pero baka magalit nanay mo, baka ipasauli sa ‘yo?’”

“Hindi, matutuwa pa nga ‘yun,” pagtitiyak ni Jordan sa kaibigan.

“E pa’no mo nga ibebenta?”

Naririnig lamang ni Jordan sa usapan ng kaniyang ama-amahan at ni Boss Billy ang sabungan sa Dampalit. Narinig niya ang tungkol sa kung sinong sugarol na nang mapagtatalo ay nagsangla ng kung ano-ano sa sanglaan sa loob mismo ng sabungan. Sa kanila narinig ni Jordan na may sanglaan ang bawat sabungan para sa mga sugarol na nagigipit. Bawat sabungan. Pero hindi dapat sa malalapit na sabungan kaya malabo niyang

maibenta ito sa Malanday at Dampalit. May malaking tsansang may makita siyang taga-Salambao. At kung talagang mamalasin, baka mismong si Boss Billy ang makita niya. Kaya nagdesisyon si Jordan na sa Sabadong darat-ing, pupunta siya ng sabungan sa Del Monte sa Malabon, iyong malapit sa Monumento para isang sakay lang sa dyipni buhat sa Obando. Bahala na. Wala naman sigurong makakilala sa kaniya. Kapag naibenta niya sa Sabado ang alahas, eksaktong Lunes ay mababayaran niya ang field trip na magaganap ng Biyernes.

Nanghiram si Jordan ng sandaang piso sa ipon ni Eunice. Nagdalawang isip ang kaibigan sa pangahas na hakbang na ito. Noon lamang maglalabas si Eunice ng perang walang katiyakan kung babalik pa sa kaniya. Paano kung mawala ang alahas? Paano kung makita ni Aling Mely at pinilit ipasauli kay Boss Billy? Paano kung mahuli mismo ni Boss Billy si Jordan sa sabungan?

“Sige kung duda ka, ‘wag na lang,” alumpihit din si Jordan. Wala siyang alam na pagkukuhanan ng pera. Mahaba-habang pangangapa ng ayungin at tilapya ang gagawin niya maitaguyod lang ang halagang kailanganin bilang pamasaha sa Sabado. Umabsent na siya ng nagdaang Biyernes, makakahalata na ang kaniya ina dahil may sapat naman silang pang-ulam. Naroon nga’t nakayelo pa sa cooler ang mga tilapya at liwalong nahuli niya ng magkasunod na araw. “Pwede rin namang maglakad ako.”

“Alam mo ba kung ga’no kalayo ang Monumento?” pag-aalala ni Eunice. “Baka kahit isang araw mong lakarin ‘yun di ka mangalahate.”

“E wala e,” kibit ni Jordan. Hindi niya makita ang posibilidad na maibebenta iyon sa ibang sanglaan sa bayan. Paghihinalaan siya. Hahanapan ng kasamang matanda. Hindi niya basta-basta maibebenta sa kung sinong may pera sa pondohan. Oo nga’t maraming milyonaryo doon lalo na iyong mga may-ari ng konsignasyon o mamamakyaw, pero tiyak na tiyak na may makakakilala sa kaniya. Hindi katulad kung sa sabungan, sa malayong sabungan, pwede ngang ibenta ang alahas dahil maaaring nahihiya ang sugarol kaya ayaw magpakita. O kaya, hindi mapuknat sa pagsasabong kaya walang panahong humarap sa sanglaan. Sasabihin lang niyang alalay siya ng isang sugarol. O pwede ring pamangkin. Palalakin niya ang kaniyang boses para magtunog matanda. Poporma siya na parang sanay na sanay na sa sabungan. Madali na ang hitsura, matangkad si Jordan sa karaniwang grade six. Maraming taghiyawat. Mabuto pero may umbok na ng laman

ang katawan. May kaha na. Ibinulong niya sa sarili ang simulang linya: “Magkano ‘to? Binebenta ng tito ko. Bilis, lalaban na ‘yung manok namin.”

“Sige pero siguraduhin mong ibabalik mo ha, lagot ako sa kuya ko,” naroon pa rin ang pagdududa ni Eunice sa kaibigan. Pero nadaig ng pagpapahalaga at tiwala.

“Nabili ko nga yung sorbetes nung bertdey ko, tanda mo? Ipon lang ‘yun.”

“Iba noon, may tatay ka.”

Ganoon pala. Parang lahat ng makita niya sa loob ng bakuran ng sabungan paghinalaan niyang si Boss Billy o si Mang Sandro. Parang lahat kamukha ng dalawang tao na pinakakaiwas-iwasan ni Jordan. Parang lahat ay may kahawig na taga-Salambao. Parang lahat ay nakita na niya sa pondohan sa Obando. Parang lahat ay nakatingin sa kaniya at nagtataka kung bakit siya nasa loob ng bakuran ng sabungan. Kinubabawan ng hinala si Jordan noong Sabado ng hapong iyon na ibebenta niya ang bracelet. Nasa loob iyon ng kaniyang lumang pantalon. Nakadukot ang kaliwang kamay niya sa bulsa bilang proteksyon, mahirap na, baka mawala uli. Kaya nanlalagkit na sa pawis ang kaliwang kamay niyang ito na hindi inaalís sa pagkakadukot sa pantalon.

Maingay. Naglisaw-lisaw ang mga sabungero. Kailangan niyang kumilos na parang sanay na sanay na. Hindi dapat siya parang tatanga-tanga. Pero hindi makita ni Jordan ang sanglaan. O kung may sanglaan nga ba?

“Kuya, sa’n na nga ‘yung sanglaan?” nilapitan niya ang isang akala ni Jordan ay hindi nalalayo sa kaniya ang edad. Kibit-balikat ang isinagot. Halos hindi tumingin sa kaniya ang tinanong. Tuloy-tuloy lang sa paglakad papasok sa mismong gusali na pinaggagawaan ng sabong. Ang maingay na gusali.

“Tata, eskyusmi po, sa’n nga po ‘yung sanglaan dito?” may kausap ang halos kaedaran ng ama-amahan niya. Pinili talaga niya ang medyo maputi para hindi talaga taga-Salambao, hindi taga-pondohan, hindi mangingisda sa Obando. Hindi rin siya tiningnan ng tinanong. Tuloy-tuloy lang sa pakikipaghuntahan. Puro tungkol sa sabong ang pinagsasasabi. Akala ni Jordan, hindi na siya sasagutin kaya nagsimula na siyang humakbang palayo sa pinagtanungan.

“Du’n Totoy. Kita mo yung nakaupo sa malapit sa pinto? Yung matandang ubanin na may kahon sa gilid, ‘yun ‘yun. Mang Jose pangalan.” Nakaturo ang pinagtanungan ni Jordan sa gawi ng pinto ng sabungan. Bahagya nang ipinaling ang ulo.

“Salamat, Tata.”

Tinimbang-timbang sa palad. Sinilip ang pagkagawa. Ikiniskis sa kung anong batong itim ang alahas. Bago ibinalik ni Mang Jose kay Jordan.

“Peke. Tubog lang ‘to,” malamig na siwalat ni Mang Jose.

“Hindi ho pwedeng peke ‘yan, hindi ho magsusuot si Boss Bill...”

Muling kinuha ni Mang Jose ang bracelet. Muling sinipat-sipat.

“Akala ko ba tito mo ang may-ari, bakit ngayon boss mo na?”

“Si Boss din ho, si tito, saka si Boss...”

“Ninakaw mo ‘to ‘no?” sabad ni Mang Jose. Nanlamig si Jordan. Natahimik. Naghanap ng isasagot. Dalawang bagsak ng pangit na balita. Peke ang alahas, tapos ay pinagbintangan siyang magnanakaw. “Ano, hindi ka nakasagot, ninakaw mo ‘to ‘no?”

“Hindi po!” napiyok si Jordan sa pagsisikap na palakihin ang boses. Sa pagsisikap na ipaliwanag.

“Ano, boss mo ba o tito mo? Ano ba talaga?”

“Boss.”

“E bakit hindi siya magbenta nito mismo, bakit ikaw?”

“Nasa loob nga po, ilalaban ang manok ngayon.”

“Hindi nga, kilala ko lahat ng nasa loob,” tinitigan ni Mang Jose si Jordan, sinusukat ang kuwento. Hinihintay ngang umamin na gawa-gawa lang ang kuwento, na amining ninakaw nga ang alahas na hawak-hawak ngayon ng matandang ubanin. “Ano aamin ka na? Maraming pulis dyan ngayon, hindi nga lang nakauniporme.”

“Wag na lang ho,” akmang kukuhanin ni Jordan sa kamay ng matanda ang bracelet. Kinuyom ni Mang Jose sa palad ang alahas.

“Peke pero maganda pagkaka-peke. Bibilhin ko.”

“Ho? Magkano ho?”

“Six hundred, ibibigay ko lang ‘to sa anak ko. Ipatutubog ko muna uli.”

“Ho? ‘Wag na lang ho.” Akmang kukunin ni Jordan kay Mang Jose ang bracelet. Itinikom ni Mang Jose, inilayo kay Jordan. “Akin na po, wag na lang po.”

“May mga pulis akong kaibigan d’yan,” itinuro ng kuyom na kamay ang loob ng sabungan. “Alam kong hindi sa ‘yo ‘to. Sige ka.”

Sa kubo noong gabi ring iyon, binibilang-bilang ni Jordan ang mahigit limandaang pisong nasa higaan niya. Limang dadaanin, isang singkuwenta, at mga baryang sukli ng kaniyang pamasaha nang balikan sa Malabon at pagkain ng isang cupcake at juice na nasa tetrapack. Tulog na ang kaniyang nanay at kapatid. Naiilawan lamang ang kaniyang sulok ng bombilyang de-diyes. Itinabi niya ang isang sandaan para bayaran ang utang kay Eunice. Hindi niya alam ang gagawin sa natitirang pera.

Siguradong uusisain ng kaniyang ina ang pinaggalingan ng pera kapag iniabot ni Jordan. Wala siyang maisip na pwedeng panggalingan. Pwede niyang amining galing sa pinagbilhan sa pekeng alahas. Pero baka magalit si Aling Mely. Baka ikuwento kay Boss Billy, at kapag nalamang nabili lamang sa halagang six hundred, magalit. Magwala. Dahil ang paniniwala pa rin ni Jordan, hindi magsusuot ng pekeng alahas si Boss Billy. Baka bigla silang palayasin. Wala pa ang report card nilang magkapatid. Hindi pa sila makakaalis. Malabo nang sumama siya sa field trip. Kulang ang pera at hindi siya pwedeng manghingi ng pandagdag. Inisip ni Jordan na ilihim na lang. Dahan-dahang gastusin kapag nasa Cardona na sila. Pero bago iyon, itinabi niya ang sandaang piso ulit para bilhin ang malaking lata ng imported na potato chips para sa kanilang magkapatid. At kay Eunice. Kung kailan nila ito kakainin, hindi pa alam ni Jordan.

Lumipas ang field trip. Nakumbinsi ni Eunice na hindi na siya sumama. Mas naging madali ang pagpayag ng kaniyang magulang nang sipunin siya at magkasinat noong araw na magbabayad na kay Misis Magdangal.

Marso at katatapos lang ng fourth periodical test ng mga magtatapos sa elementarya. Maraming araw na halos pumupunta na lang sa paaralan si Jordan kahit wala nang masyadong ginagawa kundi ang magkuwentuhan at mag-ensayo para sa graduation ceremony. Inaya ni Jordan si Eunice na sumama sa field trip nilang mag-iina sa laot kinahapunan sakay ng bangka ni Boss Billy. Si Mang Alonso ang bangkero. Umalis sila bago mag-alas kuwatro at nakarating sa laot, sa mismong lugar kung saan nawala si Mang

Miyas. Sa laot na pamilyar na si Jordan. Wala na ang init ng araw. Banayad na hangin na lamang ng tag-araw ang dumadampi sa kanila habang inuugoy-ugoy ng bangka. Inilabas ni Jordan ang kaniyang baon, mga tsitsirya. Itinanghal ang isang mataas na lata ng potato chips na pinagsaluhan nila sa bangka. Pakiusap ni Jordan, hintayin ang pagdilim bago sila umalis sa laot, bago sila bumalik sa Sapang Tukul. Tinunghayan ni Jordan ang nagliliwanag na lungsod. Itinuro niya kay Eunice ang mga dahilan kung bakit siya nagpapunta sa laot.